

Kani Eco Dome (Recycle Facility)

(Kani City, Himegaoka 4-9)

【Araw at Oras ng Pagbubukas】

Martes- 9:00 AM ~ 12:00 NN

Huwebes- 9:00 AM ~ 12:00 NN

Linggo- 9:00 AM ~ 3:00 PM

Sarado ang Eco Dome mula December 28, 2014 (Linggo) ~ January 4, 2014 (Linggo)

【Mga kokolektahing bagay-bagay】 (ang mga bagay ay hindi dapat marumi)

Botelyang pinaglagyan ng inumin o pagkain, apat na uri ito: (transparent, brown, mga iba pang kulay at returnable bottles)

Latang pinaglagyan ng inumin o pagkain, dalawang klase ito: (aluminum at steel cans)

Hindi kinokolekta ang mga lata tulad ng mga spray can o lata ng langis

Pet bottle Kinokolekta din ang mga takip ng pet bottle.

Styrofor/Styrofoam rolls o tray

Mga papel, anim na klase (diyaryo, print ads, mga magazine at papel, karton ng gatas at iba pang inumin, karton, mga lalagyang gawa sa papel at pambalot na papel)

Mga lumang damit (hindi tatanggapin ang mga marurumi at punit-punit na damit)

Dalhin itong nakabalot sa plastic.

Pinagprituhan o gamit na mantika

Flourescent bulb at lumang thermometer

Gamit na baterya (alkaline, NiCd, lithium, button type) Hindi tinatanggap ang mga lumang baterya ng sasakyan at motor

Mga alituntunin sa paggamit ng Kani Eco Dome

- Mahigpit na tatanggihan ang mga basurang galing sa kompanya o negosyo.
- Siguraduhing hugasang mabuti ang mga basyong bote, garapa at pet bottle. Tanggalin at ihawalay ang cap nito. Bagama't hindi na kailangang tanggalin ang label ng pet bottle kung gawa ito sa plastic, kinakailangang tanggalin ito kung ito ay gawa sa papel.
- Ang mga papel na binabanggit dito ay gaya ng magazine, flyers, print ads, advertisement na iniipit sa mga diyaryo, printed paper at direct mail.
- Siguraduhing tanggalin ang mga DVD at CD na nakapaloob sa mga magazine pati narin yung mga metal wire na ginamit sa mga ito.
- Tanggalin din ang takip ng libro kung gawa ito sa plastic dahil hindi ito pwedeng i-recycle. (Hindi tatanggapin ang mga photo album)
- Hindi tatanggapin ang mga kartong may matapang na amoy gaya ng kartong pinaglagyan ng mga sabon, pabango, insenso, atbp.
- Tatanggihan din ang mga kahong pinaglagyan ng sabon at mga kahong may aluminun coating na kadalasang pinaglalaman ng mga alak na inumin.


Pagkolekta ng mga lumang maliliit na appliances sa bahay

(bagong karagdagan sa maaaring kolektahin na mga bagay- bagay)

- Cellphone, portable music player, portable game console, digital camera, portable video camera, notebook PC, electronic dictionary, electronic notebook, calculator, iba't ibang uri ng remote control, AC adapter, atbp.
- Ibang electric (na may saksakan ng kuryente) at battery– operated appliances
Ang mga gamit na appliances ay dapat kasya sa 30cm x 15cm na kahon.

Mga dapat alalahanin:

- T.V., air conditioner, refrigerator, freezer, washing machine, drying machine ay HINDI kinokolekta.
- Batteries (chargeable, dry battery, atbp.) ay dapat alisin mula sa appliance bago ipakolekta
- Burahin lahat ng personal na inpormasyon sa appliance (hal. Cellphone) bago ipakolekta
- Ang mga nilagay na gamit sa recycle box ay hindi na ibabalik



【 Para sa inyong mga katanungan 】
Environment Section, Kani City Hall
Tel. 0574-62-1111 (operator)
Email: kankyo@city.kani.lg.jp

Address: 4-9 Himegaoka, Kani City